Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

Fili 11-28-11

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG NOBYEMBRE 14, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | . . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAUTUSANG BAYAN BLG. 33-T2011

## KAUTUSANG SINUSUSUGAN ANG SEKSYON 7 NG ARTIKULO II NG KAUTUSANG BAYAN BLG. 19-T2010 KAUGNAY NG PANUNTUNAN SA PAGLALAGAY NG CIDERA, PALARUANG SASAKYAN AT PERYA.

**SAPAGKA'T**, ang kapakanan at kapakinabangan ng pamayanan ang higit na binibigyang-pansin ng Sangguniang Bayan;

**SAPAGKA'T,** may mga pagbabago sa umiiral na kautusan ukol sa panuntunan sa paglalagay ng perya, cidera at palaruang sasakyan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Batas), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Serafin C. San Juan, Jr., Florencio C. Odejar at Jun M. Asinas at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang sumusunod na:

**IPINAG-UUTOS** ng Kagalang-galang Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON 1**- Susugan ang Seksyon 7 ng Artikulo II ng Kautusang Bayan Blg. 19-T2011 na sa halip na

"Sa Daang P. Guevara – simula sa gate ng Holy Fare Convent hanggang sa tapat ng PC Computer Shop"

ay ituwid at gawing tulad ng sumusunod

**6.5 Daang P. Guevara – sa kaliwang panig nito, nakabalantay ng Simbahang Katoliko.**

**SEKSYON 2**- Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**SEKSYON 3** – Ang anumang bahagi ng mga kautusang bayan na sumisinsay sa kautusang ito ay pinawawalang-bisa.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-yaman, Pambayang Pinuno sa Lisensya at Permiso, Pambayang Inhinyero, Kagawaran ng Pulisya, SCTMO, mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Nobyembre 14, 2011.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim

| | |
|---|---|
| **KGG. RAMON D. TAN**<br>Kagawad | **KGG. FLORENCIO C. ODEJAR**<br>Kagawad |
| **KGG. RIZALDY N. KALAW**<br>Kagawad | **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**<br>Kagawad |
| **KGG. LAURA P. OBLIGACION**<br>Kagawad | **KGG. JUN M. ASINAS**<br>Kagawad |
| **KGG. ROLANDO MOISES E. ACAPULCO**<br>Kagawad | **KGG. SERAFIN C. SAN JUAN, JR.**<br>Kagawad |
| **KGG. RONALD P. OBLIGACION**<br>Kagawad | **KGG. JOSE MAURO D. GABINETE**<br>Kagawad |

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan